



Mga paghahabol para sa kabayaran ng mga manggagawang hindi nakaseguro

Ang WorkCover WA ay ang ahensya ng pamahalaang may kapanagutan sa pagpapatupad ng *Batas sa Kabayaran sa mga Manggagawa at Pamamahala ng Pinsala ng 2023* (ang Batas).

Lahat ng taga-empleyo sa Kanlurang Australia ay inaatasang magkaroon ng seguro sa kabayaran ng mga manggagawa para sa kahit sinong tinutukoy na 'manggagawa' sa ilalim ng Batas.

Bakit napakamahalaga ng paseguro sa kabayaran ng mga manggagawa?

Ang seguro sa kabayaran ng mga manggagawa ay nagpoprotekta sa mga taga-empleyo mula sa pinansyal na halaga ng mga paghahabol para sa kabayaran ng mga manggagawa. Sinisiguro nito na nasasaklaw ang mga gastos anuman ang sitwasyon ng pananalapi ng taga-empleyo.

Ang kahit sinong manggagawa na magtamo ng pinsala o sakit na nauugnay sa trabaho na nangangailangan ng medikal na pagpapagamot at/o panahon ng hindi pagpasok sa trabaho ay nararapat makapaghabol ng kabayaran ng mga manggagawa.

Maaaring kabilang dito ang kabayaran sa kita para sumaklaw sa pagkawala ng mga kita, mga gastos sa pagpapagamot, mga malaking halagang isang-bigay na pagbabayad, at tulong sa rehabilitasyon ng lugar ng trabaho. Ang kabayaran ng manggagawa at paghahabol na karaniwang batas ay nagkakahalagang mahigit sa \$1,000,000.

Ano ang mangyayari kung makatanggap ang WorkCover WA ng paghahabol kaugnay ng isang taga-empleyong hindi nakaseguro?

Hindi dapat madehado ang mga napinsalang manggagawa kung hindi nakaseguro ang kanilang taga-empleyo. Dapat ay makapag-access ng mga pribilehiyo ang mga manggagawa na para bang nakaseguro ang kanilang taga-empleyo.

Para matiyak na uusad ang paghahabol ng isang napinsalang manggagawa, kailangang magkatulungan ang manggagawa, taga-empleyo, at WorkCover WA.

May mahahalagang responsibilidad ang bawat partido.

Mga responsibilidad ng manggagawa

Inaasahan ang napinsalang manggagawa na:

- magbigay ng Pormularyo ng Paghahabol at mga Sertipiko ng Kakayahan sa taga-empleyo
- dumalo sa mga appointment para sa pagpapagamot at rehabilitasyon ng lugar ng trabaho
- maging aktibo sa pagpapalano ng pagbabalik sa trabaho, hangga't medikal na naaangkop
- daluhan at isagawa ang mga pinagsang-ayunang responsibilidad na nakasaad sa programa ng pagbabalik sa trabaho
- palaging magbigay-alam sa taga-empleyo.

Paunawa Ang fact sheet na ito ay nagbibigay ng pangkalahatang impormasyon tungkol sa Proseso ng mga Paghahabol para sa Kabayaran ng mga Manggagawang Hindi Nakaseguro. Hindi ka dapat kumilos o huwag kumilos batay sa anumang nilalaman nito. Kung kaugnay ng isang partikular na usapin, dapat kang humingi ng legal/profesional na pagpapayo.

Ang fact sheet na ito ay dapat basahin kasama ang *Batas sa Kabayaran ng mga Manggagawa at Pamamahala ng Pinsala ng 2023*, *Mga Panuntunan sa Pagkakasundo sa Kabayaran ng mga Manggagawa at Pamamahala ng Pinsala ng 2024*, at *Mga Panuntunan sa Arbitrasyon sa Kabayaran ng mga Manggagawa at Pamamahala ng Pinsala ng 2024*. Mahahanap ang mga ito sa aming website, pati na ang iba pang paglalathala ng WorkCover WA.

© 2024 WorkCover WA, Nakalaan ang lahat ng karapatan. Tama sa panahon ng Hulyo 2024.

Mga responsibilidad ng taga-empleyo

Bagaman hindi nakaseguro, inaasahan na ang taga-empleyo ay :

- magpasya sa paghahabol (tanggapin, kontrahin, o ipagpaliban ang desisyon kung kinakailangan ang karagdagang impormasyon)
- saklawin ang lahat ng gastos na nauugnay sa paghahabol
- manguna sa pagpapalano para sa pagbabalik ng manggagawa sa trabaho.

Dapat abisuhan ng taga-empleyong hindi nakaseguro ang WorkCover WA sa loob ng pitong araw pagkatapos makatanggap ng paghahabol para sa kabayaran, o maparusahan ng multang \$5,000.

Mga responsibilidad ng WorkCover WA

Pinapangasiwaan ng WorkCover WA ang lahat ng paghahabol na hindi nakaseguro.

Kung saan natutugunan ng taga-empleyo ang mga responsibilidad nito, magiging limitado ang pagiging sangkot ng WorkCover WA sa pagtitiyak na hindi nadehado ang manggagawa. Kung saan hindi natutugunan ng taga-empleyo ang mga responsibilidad nito, ang WorkCover WA ay maaaring:

- magdesisyon sa ngalan ng taga-empleyo para matiyak na hindi nadehado ang napinsalang manggagawa
- bawiin ang mga gastusin mula sa taga-empleyo.

Posibleng parusahan ng WorkCover WA ang mga taga-empleyo dahil sa hindi pagkakaroon ng seguro sa kabayaran ng mga manggagawa. Nakatanggap ng suporta ang WorkCover WA mula sa Komisyon sa Seguro ng Kanlurang Australia para mapamahalaan ang mga paghahabol na hindi nakaseguro.

Kung magbabayad ang WorkCover WA sa isang napinsalang manggagawa, sino ang nagbibigay?

Kung saan hindi natutugunan ng taga-empleyo ang mga responsibilidad nito, sasaklawin sa umpisa ng WorkCover WA ang mga pagbabayad sa isang napinsalang manggagawa. Kapag naging pinal na ang paghahabol, babawiin ng WorkCover WA ang mga pagbabayad na ito mula sa taga-empleyo.

Kailangan ba ng karagdagang tulong?



Tumawag sa Serbisyo sa Payo at Tulong ng WorkCover WA sa **1300 794 744** (8:30 n.u. hanggang 4:30 n.h., Lunes hanggang Biyernes)



Bisitahin ang workcover.wa.gov.au

